

# Magpabakuna. Ito ay ligtas at madali.

**Magpalista kapag susunod ka na.  
Sisipot sa iyong appointment.  
Sundan ang iyong pangalawang dosis.**

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas, mabisa at nakakaligtas ng buhay. Tinutulungan ka nilang maiwasan na mahawahan at protektahan ka mula sa malubhang sakit kung nakuha mo ito.

Ang sinumang nagnanais ng bakuna ay makakakuha ng bakuna. Ang mga tao ay mababakunahan sa mga yugto upang ang mga nanganganib na mapunta sa ospital o mga naghihingalo ay sila ang unang makakuha ng bakuna. Ang eksaktong mga timeline ay nakasalalay sa supply ng bakuna.

## I-book ang iyong libreng pagbabakuna

Alamin kung kailan ka magiging karapat-dapat makatanggap ng isang bakuna sa [alberta.ca/vaccine](https://alberta.ca/vaccine). Kapag kasunod ka na, i-book ang iyong appointment gamit ang tamang pamamaraan para sa iyong sitwasyon.

- Maghanap ng isang kalahok na parmasya
- Mag-book online sa Alberta Health Services
- Tumawag sa Health Link 811

Kung wala kang Health Care kard ng Alberta, dapat mong i-book ang iyong appointment sa pamamagitan ng Alberta Health Services online o sa pamamagitan ng pagtawag sa 811.

## Kailangan mo ang tulong?

Tumawag sa 811 upang malaman kung kailan ka karapat-dapat at mag-book ng isang appointment. Magagamit ang serbisyo sa 240 mga wika.

## Kailangan mo ang sasakyan?

Tumawag sa 211 upang makakuha ng tulong sa paghahanap ng sasakyan papunta at mula sa iyong appointment sa pagbabakuna.

## Sino ang dapat mabakunahan?

Ang bawat taong maaaring mabakunahan, ay dapat magpabakuna.

Kahit na ang mga nakatatanda ay nasa mas mataas na peligro ng malubhang karamdaman, ang bakuna ay para din sa mga bata at malulusog na tao. Nakakatulong ito na palakasin ang iyong immune system upang labanan ang sakit at protektahan ang mga nasa paligid mo.

Ang mga taong gumaling mula sa COVID-19 ay dapat ding magpabakuna upang mapalakas ang kaligtasan sa sakit.

## Sino ang hindi dapat mabakunahan?

Kumunsulta muna sa doktor kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa bakuna o sa iyong mga kondisyon sa kalusugan.

Huwag magpabakuna kung wala ka sa edad na 16 o mayroong matinding alerdyi sa alinman sa mga sangkap ng bakuna. Ang kumpletong listahan ng mga sangkap ay makikita sa [alberta.ca/vaccine](https://alberta.ca/vaccine).

## Ano ang mangyayari pagkatapos kang mabakunahan

Ang bakuna ay ituturok sa iyong itaas na braso, tulad ng isang shot ng trangkaso.

Pagkatapos, maaari kang makaranas ng banayad na mga epekto tulad ng pamumula, pamamaga o sakit sa lugar ng pinagturukan, banayad na lagnat o sakit ng ulo. Ito ang iyong immune system na gumagana sa bakuna upang makabuo ng mga antibodies. Ang mga sintomas ay dapat mawala sa loob ng ilang araw.

Karamihan sa mga bakuna ay nangangailangan ng dalawang dosis. Ikaw ay maituturing na buong nabakunahan 14 na araw pagkatapos ng iyong huling dosis.

## Kunin ang mga katotohanang impormasyon

- Salamat sa pakikipagtulungan sa buong mundo, ang mga bakuna sa COVID-19 ay mabilis na binuo nang hindi nakompromiso ang kaligtasan. Ang bawat naaprubahang bakuna ay natutugunan ang mahigpit na pamantayan ng Health Canada para sa kaligtasan, kalidad at pagiging epektibo. Sa buong mundo, sampu-sampung milyon na mga tao ang nakatanggap ng bakuna.
- Ang pagbabakuna ay kusang-loob, ngunit mahalagang panatilihin ang ligtas ang iba sa paligid natin. Sa pamamagitan ng pagbabakuna, pinoprotektahan mo ang mga mahihinang tao at tinutulungan ang ating komunidad na magkaroon ng laganap na "kawan ng kaligtasan sa sakit" sa nakakahawang sakit na ito.
- Magpabakuna kung kaya mo sa lalong madaling panahon, kahit ano pang bakuna ang maibibigay.

Ang mga bakuna ay nagpapalakas sa iyong immune system sa pamamagitan ng pagbuo ng mga antibodies upang makatulong na maiwasan at labanan ang mga karamdaman. Ang COVID-19 ay isang bagong virus

# Magpabakuna. Ito ay ligtas at madali.

kaya walang sinumang may natural na kaligtasan sa sakit. Mas maging ligtas at epektibo ang magpabakuna kaysa mahawahan kayo.

- Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Hindi naglalaman ito ng aktwal na virus.
- Maaari ka pang maging positibo pagkatapos mabakunahan. Ang pagbabakuna ay mababawasan ang matinding pagkakasakit, pangangailangang maospital o mamatay mula sa COVID-19.
- Ang pagkuha ng bakuna ay hindi nangangahulugang natapos na ang pandemya. Magpatuloy na sundin ang mga hakbang sa kalusugan ng publiko kahit na nabakunahan ka. Maaari ka pa ring magdala ng virus at mahawahan ng iba na hindi pa nabakunahan.

**Magagamit ang mga isinalin na mapagkukunan** sa Af-Soomaali, Arabic, 简体中文, 繁體中文, Español, Français, हिन्दी, 한국어, Persian, ਪੰਜਾਬੀ, Tagalog, Tiếng Việt at Urdu sa [alberta.ca/CovidTranslated](https://alberta.ca/CovidTranslated), o tumawag sa 811.

### Iba pang mga serbisyo ng suporta sa COVID-19

- Kung mayroon kang mga sintomas o kilalang pagkakalantad sa COVID-19, dapat kang manatili sa bahay at magpasuri. I-book ang iyong pagsuri sa online o tumawag sa 811.
- Maaaring magamit ang suportang pampinansyal kung hindi ka nakapagtrabaho dahil ikaw ay may sakit, kinakailangang ihiwalay ang iyong sarili, o nag-aalaga ka sa isang taong hinihiwalay ang sarili.
- Magagamit ang mga libheng silid sa hotel at suportang pampinansyal kung kinakailangan mong ihiwalay ang sarili dahil sa COVID-19 pero hindi mo ito magagawa sa iyong sariling tahanan. Tumawag sa 211 para sa karagdagang impormasyon.
- Ang COVID Care Teams ay nakikipagtulungan sa mga lungsod ng Calgary at Edmonton upang ikonekta ang mga tao sa mga mapagkukunan, magbigay ng impormasyon at ipamahagi ang mga mask, sanitayser at isinalin na mga mapagkukunan.